

Citizen's Scorecard (Tagalog)



Citizen Scorecard para sa Pagtatambak

Copyright ©2022 by Oceana Philippines International

All rights reserved. Walang bahagi ng lathalaing ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo o pamamaraan nang walang nakasulat na pahintulot ng nagmamay-ari ng copyright.

OCEANA PHILIPPINES INTERNATIONAL
Quezon City, Philippines

Website: <https://ph.oceana.org/>

Pagkilala

Ang konsepto at pagsusulat ng Citizen Scorecard para sa Pagtatambak ay nagmula kina Atty. Nikka Andrea Oquias, Atty. Rose-Liza Eisma-Osorio, at Atty. Gloria Estenzo Ramos.

Nais ding kilalanin ng Oceana ang kontribusyon at pagrerepaso ng mga sumusunod: Atty. Grizelda Mayo-Anda, Environmental Legal Assistance Center, Inc. (ELAC); Heidi Weiskel at Mark Chernaik, Environmental Law Alliance Worldwide (ELAW); Atty. Christopher John Menguito at Atty. Kristine Joy Argallon, Atty. Hansel Jake Pampilo, Atty. Rodmarc Sanchez, Philippine Earth Justice Center (PEJC), Rodrigo Narod Eco at Joytita Sierra sa pagsalin ng scorecard sa Tagalog.

Ipinapahatid namin sa inyo ang aming taos-pusong pasasalamat para sa inyong mahalagang mga ambag.

Tungkol sa Citizen Scorecard

Binuo ng Oceana ang scorecard na ito upang mabigyan ng impormasyon at kapangyarihan ang mga mamamayan at mga komunidad para matiyak na meron silang pananggalang sa pagkasira sa kalikasang dulot ng inihaing mga proyekto ng pagtatambak sa mga baybayin. Ang scorecard ay isang kasangkapang idinisenyo upang gabayan ang mga mamamayan at mga susing sektor sa komunidad tungkol sa mga proseso at kinakailangang sundin kapag may inihaing mga proyekto na makaaapekto sa ating karapatan sa isang kapaligirang ligtas, sustenable, at nakabubuti sa kalusugan. Sa katapusan, nilalayon nitong isulong ang paglahok ng mga mamamayan, suriin ang pananagutan, at katapatan, at ang pangingibabaw ng batas mga proyektong nakahain.

Upang gamitin ang scorecard, may mahalagang mga sukatan na kailangang sagutin ng simpleng “oo” o “hindi” kasama ang mga pamamaraan ng pagtitiyak na angkop ang bawat sagot. Ang mga sukatang ito ay batay sa pangunahing mga probisyon ng kaugnay na mga batas, mga patakaran, at mga regulasyong pangkalikasan sa Pilipinas. Ang scorecard ay naglalaman ng madaling punan na talahanayan ng lahat ng mga ipinag-uutos sa mga batas na ito at tumutulong sa mga mamamayan na maintindihan bago pahintulutan ang mga proyektong pagtatambak.

Ito ay gagamitin para sa pansariling pagrepaso at upang kumpirmahin ang pagsunod o hindi pagsunod sa bawat sukatan at nagrerekomenda ng mga remedyo sa mga kaso ng hindi pagsunod. Binibigyang-diin at pinagtitiyak nito ang mga responsibilidad ng lahat ng mga nagsusulong ng mga proyektong pagtatambak (pribado man o ng gobyerno, o pareho) sa ilalim ng Konstitusyon, Local Government Code, Philippine Fisheries Code, Philippine Environmental Impact Statement System, Department of Interior and Local Government Memorandum Circular 2022-018, at iba pang kaugnay na mga kautusan.

Pangkalahatang Impormasyon

Pangalan ng Lungsod/Munisipalidad: _____

Lalawigan: _____

Pangalan ng Proyektong Pagtatambak: _____

Pangalan ng Nagsusulong ng Proyekto: _____

Mga Tagubilin

1. Ang instrumentong ito ay naglalayong suriin ang pagsunod ng lokal na pamahalaan o ng nagsusulong ng proyekto sa mga batas at pangkalikasang mga pananggalang pagdating sa mga proyekto ng pagtatambak sa mga baybayin at karagatan.
2. Tukuyin ang pagsunod sa bawat sukatang nakahanay sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (✓) sa naaangkop na kahon. "Oo" kung sumusunod, "Hindi" kung hindi sumusunod, at "N/A" kung hindi naaangkop.
3. Kapag nasagutan na ang lahat ng mga katanungan, sumahin ang kabuuang mga puntos sa dulo ng talatanungan.

| Mga Sukatan | Oo | Hindi | N/A | Paraan ng Beripikasyon | Mga Paliwanag |
|--|----|-------|-----|--|---------------|
| Lokasyon | | | | | |
| 1. Matatagpuan ba sa labas ng isang protektadong lugar [hal., mangrove reserve, fish sanctuary] at sa nakatalagang buffer zone nito ang panukalang pagtatambak? | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Kopya ng ordinansa, kautusan, o regulasyon • Paglalarawan ng Proyekto • Kopya ng Planong Pangangasiwa para sa Protektadong Lugar | |
| 2. Nakuha ba ng nagsusulong ng proyekto ang malaya at paunang pahintulot ng mga katutubo (mga indigenous people o IP) na maaapektuhan ng panukalang pagtatambak, kung mayroon man? | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Pinirmahang Katibayan ng Paunang Pahintulot • Idinokumentong mga larawan ng ginawang konsultasyon • Listahan ng mga dumalo | |

| Mga Sukatan | Oo | Hindi | N/A | Paraan ng Beripikasyon | Mga Paliwanag |
|--|----|-------|-----|---|---------------|
| <p>3. Hindi ba sakop ng anumang paghahabol o kasunduan ng pagmamay-ari (hal., mga foreshore lease agreement [FLA], Special Agreement for Protected Areas [SAPA], abiso ng lis pendens) ang lugar na tatambakan?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Titulo ng lupa, mga FLA, mga SAPA | |
| Mga Konsultasyon Bago ang Proyekto | | | | | |
| <p>4. Nagsagawa ba ang lokal na pamahalaan ng hiwalay na mga konsultasyon sa maaapektuhang mga mangingisda na may natatanging karapatang mangisda sa munisipal na katubigan?</p> <p>a. Kung oo, mayroon bang pagkakataon na magsalita ang mga mangingisda?</p> <p>b. Natugunan ba ang lahat ng mga ikinababahala ng mga munisipal na mangingisda?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Mga katitikan ng mga pulong • Idinokumentong mga larawan • Listahan ng mga dumalo • Mga tugon sa mga kahilingan sa mga sulat | |
| <p>5. Nagsagawa ba ang lokal na pamahalaan ng mga paunang konsultasyon sa mga Non-Government Organization (NGOs), mga Civil Society Organization (CSOs), mga People's Organization (POs), at iba pang mga susing sektor bago sinimulan ang proyekto?</p> <p>a. Mayroon bang pagkakataong magsalita?</p> <p>b. Natugunan ba ang lahat ng mga ikinababahala, kung mayroon man?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Mga katitikan ng mga pulong • Idinokumentong mga larawan • Listahan ng mga dumalo • Mga tugon sa mga kahilingan sa mga sulat | |
| <p>6. Nalatag ba ang lokal na pamahalan ng kaanyuan ng ekolohiya ng lugar na nagpapakita sa pisikal, biyolohikal, socio-economic, at kultural na kapaligiran ng lugar na pagtatambakan?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Ulat ng kaanyuan ng ekolohiya | |

| Mga Sukatan | Oo | Hindi | N/A | Paraan ng Beripikasyon | Mga Paliwanag |
|---|----|-------|-----|---|---------------|
| <p>7. Naglatag ba ang lokal na pamahalaan ng pagsusuri na sumusukat sa gastusin at halaga ng panukalang proyekto at pagkatapos ay inihambing ang kabuuang gastos sa inaasahang benepisyo ng pagsasagawa ng proyekto?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Ulat ng pagsusuri ng gastos at benepisyo ng proyekto | |
| <p>8. Kung ang proyekto ay sasakop sa mahigit limang ektarya, naglatag ba ang lokal na pamahalaan ng pag-aaral na nagsusuri ng teknikal, tinatayang mga kita sa pananalapi, at epekto ng proyekto sa ekonomiya, panlipunan, at kapaligiran?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Pag-aaral na maipapatupad ang proyekto • Link sa Website • Pinaglagakan na hayag sa publiko | |
| <p>9. Naglahad ba ang nagsusulong ng proyekto ng mga hydrodynamic model na nagpapakita ng epekto ng panukalang proyekto sa kapaligiran ng malalapit na (mga) anyong tubig?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Mga ulat na hydrodynamic model | |
| <p>10. Nagpaliwanag ba ang lokal na pamahalaan kung naaayon ang proyekto sa Social Development Plan nito na nagpapakita ng mga pamamaraan upang maiwasan o maagapan ang masamang epekto ng pagtatambak sa kabuhayan, kapaligiran at kalusugan ng mga tao?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Kopya ng Social Development Plan | |
| <p>11. Ipinaliwanag ba ng lokal na pamahalaan kung ang proyekto ay alinsunod sa Local Climate Change Action Plan nito na naglalarawan ng mga istratehiyang ipapatupad upang masalag ang mga epekto ng climate change?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Kopya ng Local Climate Change Action Plan | |

| Mga Sukatan | Oo | Hindi | N/A | Paraan ng Beripikasyon | Mga Paliwanag |
|--|----|-------|-----|---|---------------|
| <p>12. Ipinaliwanag ba ng lokal na pamahalaan kung ang proyekto ay naaayon sa Local Disaster Risk Reduction and Management Plan nito na nagdedetalye ng mga estratehiya sa pagbabawas ng mga panganib sa buhay, kabuhayan at ari-arian mula sa mga natural na kalamidad at sakuna?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Kopya ng Local Disaster Risk Reduction and Management Plan | |
| <p>13. Ipinaliwanag ba ng lokal na pamahalaan kung ang proyekto ay alinsunod sa Coastal Resource Management Plan nito na nagdedetalye ng mga istratehiya kung paano pangangasiwaan ang mga yaman ng baybayin nito kung ipapatupad ang proyekto?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Kopya ng Coastal Resource Management Plan | |
| <p>14. Ipinaliwanag ba ng lokal na pamahalaan kung ang proyekto ay alinsunod sa pinakabagong Comprehensive Land Use Plan (CLUP) nito na nagdedetalye ng alokasyon at tamang paggamit ng yamang lupa at dagat ng LGU?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Kopya ng pinakabagong CLUP na inaprubahan ng HLURB • Zoning na ordinansa | |
| <p>15. Ipinaliwanag ba ng lokal na pamahlaan kung ang proyekto ay alinsunod sa pinakabagong comprehensive development plan (CDP) nito na nagpapaliwanag ng mga estratehiya at patakaran sa pagpapaunlad ng LGU?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Kopya ng development plan ng lungsod/ munisipyo | |
| <p>16. Ipinaliwanag ba ng lokal na pamahalaan kung ang proyekto ay angkop sa Water Quality Framework at Management Area Action Plan na nagpapakita ng mga estratehiya kung paano maiiwasan at makontrol ang polusyon sa tubig?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Kopya ng Water Quality Framework and Management Area Action Plan | |

| Mga Sukatan | Oo | Hindi | N/A | Paraan ng Beripikasyon | Mga Paliwanag |
|--|----|-------|-----|---|---------------|
| <p>17. Ipinaliwanag ba ng lokal na pamahalaan kung ang proyekto ay umaayon sa drainage at flood control plan nito?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Kopya ng Drainage and Flood Control Plan | |
| <p>Paglahok ng Mamamayan sa Pagsusuri ng Environmental Impact Assessment</p> | | | | | |
| <p>Kampanya para sa Impormasyon at Edukasyon</p> <p>18. Mayroon bang isinagawang Kampanya para sa Impormasyon at Edukasyon (Information and Education Campaign o IEC) upang masigurong mayroon kang kaalaman tungkol sa proyekto?</p> <p>a. Kung oo, isinagawa ba ang pagpapalaganap ng may sapat na panahon (bago ang public scoping?</p> <p>b. Mayroon bang sapat at nararapat na kinatawan ang mga NGO, mga PO, mga pamilya, katutubong grupo, mga negosyo at mga industriya, mga sektor na nasa panganib, lokal na mga institusyong paaralan, mga simbahan, at mga ospital?</p> <p>c. Mayroon bang ipinamigay na mga fact sheet na nakasulat sa lokal na wika para sa mga susing sektor?</p> <p>d. Nagbigay ba ng pagtingin ang lokal na pamahalaan kung naaayon ang proyekto sa plano ng lokal na pag-unlad ng apektadong lugar?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Mga katitikan ng mga pulong • Idinokumentong mga larawan • Listahan ng mga dumalo • Mga tugon sa mga kahilingan sa mga sulat | |

| Mga Sukatan | Oo | Hindi | N/A | Paraan ng Beripikasyon | Mga Paliwanag |
|--|----|-------|-----|---|---------------|
| <p>Public Scoping</p> <p>19. Mayroon bang isinagawang public scoping na pinangunahan ng Department of Environment and Natural Resources- Environment Management Bureau?</p> <p>a. Kung oo, naabisuhan ka ba sa petsa at paggaganapan ng public scoping?</p> <p>b. Binigyan ka ba ng sapat na panahon upang makapagsalita?</p> <p>c. Naglahad ba ang EMB-Regional Office ng buod ng mga kahilingan ng mga susing sektor na maaaring isama sa Environmental Impact Assessment?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Mga katitikan ng mga pulong • Idinokumentong mga larawan • Listahan ng mga dumalo • Mga tugon sa mga kahilingan sa mga sulat | |
| <p>Environmental Impact Assessment</p> <p>20. Mayroon bang Environmental Impact Study (EIS) ang proyekto na may pagtaya sa mga posibleng epekto ng pagtatambak sa kalikasan?</p> <p>a. Mayroon ba itong ecological baseline na may kasamang mga field site visit at aktibong pangangalap ng datos?</p> <p>b. Mayroon ba itong nilalamang Social Development Plan (SDP) na nagdedetalye kung paano maiiwasan o mababawasan ang epekto ng proyekto sa kabuhayan, kalusugan, at kapaligiran ng mga mamamayan?</p> <p>c. Mayroon ba itong nilalamang Environmental Management Plan (EMP) na nagtutukoy kung paano mapipigilan, mababawasan, masusubaybayan ang mga epekto at panganib ng proyekto sa lupain, tubig, at hangin at kung paano maibabalik sa dating kaayusan nito?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Kopya ng EIS Report • Pagpapatunay ng LGU sa pagiging katanggap-tanggap sa lipunan ng proyekto • EIS report at mga dokumentong may kinalaman sa EIA na naka-post sa mga social media account o mga website ng LGU | |

| Mga Sukatan | Oo | Hindi | N/A | Paraan ng Beripikasyon | Mga Paliwanag |
|--|----|-------|-----|--|---------------|
| <p>d. Isinama ba sa ulat ng EIS ang mga hinaing at mga kasunduang idinulog habang isinasagawa ang public scoping?</p> <p>e. Maaari bang makakuha ng kopya ng buong EIS report ang mga mamamayan ng munisipyo?</p> | | | | | |
| <p>Pampublikong Pagdinig</p> <p>21. Mayroon bang inorganisang pampublikong pagdinig para sa pagalalahad ng EIS report?</p> <p>a. Kung oo, nabigyan ka ba ng sapat na panahon o naabisuhan sa nakatakdang pampublikong pagdinig?</p> <p>b. Lubusan bang ipinaliwanag ng nagsusulong ng proyekto ang mga resulta ng EIA?</p> <p>c. Nabigyan ka ba ng pagkakataong magpaliwanag?</p> <p>d. Maayos bang tinugunan ng nagsusulong ng proyekto ang mga kahilingan at iba pang pangangailangan ng mga susing sektor?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Mga katitikan ng mga pulong • Idinokumentong mga larawan at video • Listahan ng mga dumalo Mga tugon sa mga kahilingan sa mga sulat | |
| <p>Pagpapatupad at Pagsubaybay sa Proyekto [Please answer Questions 22-24 only if the proposed reclamation project is being implemented]</p> | | | | | |
| <p>22. Maayos bang ipinatupad ng nagsusulong ng proyekto ang Social Development Plan?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Kopya ng Multipartite Monitoring Team (MMT) at Monitoring and Evaluation Plan | |

| Mga Sukatan | Oo | Hindi | N/A | Paraan ng Beripikasyon | Mga Paliwanag |
|---|----|-------|-----|--|---------------|
| <p>23. Maayos bang ipinatupad ng nagsusulong ng proyekto ang kanilang Environmental Management Plan (EMP)?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Mga ulat ng MMT • Mga katitikan ng mga pulong • Kopya ng Memorandum of Agreement sa pagbuo ng MMT | |
| <p>24. Alam mo ba kung may gumaganang Multipartite Monitoring Team (MMT) na inatasang tiyakin na nasusunod ang mga nakasaad sa Area Clearance at Environmental Compliance Certificate (ECC)?</p> <p>a. Nagsagawa ba ang MMT ng konsultasyon sa mga susing sektor para ilahad ang Monitoring and Evaluation Action Plan tungkol sa pagsunod ng nagsusulong ng proyekto sa ECC, EMP, at SDP?</p> <p>b. Alam mo ba kung binibisita ng MMT tuwing ikatlong buwan upang kumpirmahin ang pagsunod ng proyekto sa mga kondisyon sa ECC, EMP, at SDP?</p> <p>c. Malawak bang ipinalaganap at maaaring makakuha ang publiko ng regular na mga ulat ng MMT sa pagsunod ng isinusulong na proyekto?</p> <p>d. Mayroon bang mekanismo ang MMT para alamin ang mga hindi inaasahang mga sitwasyon sa kapaligiran at tanggapin ang mga idinudulog na mga reklamo?</p> <p>e. Kung may natukoy ang MMT na paglabag sa mga alituntunin at kondisyon ng ECC, alam mo ba kung may naipataw na naaangkop na parusa?</p> | | | | <ul style="list-style-type: none"> • Mga link ng mga website • Pinaglagakan na hayag sa publiko • Taunang ulat ng imbentaryo ng MMT, kabilang ang mga naipataw na parusa laban sa nagsusulong ng proyekto | |
| <p>Kabuuang Puntos:</p> | | | | | |

Gabay sa Pagmamarka:

OO = 1 HINDI = 0

| Berde (Lubos na Sumusunod) | Dilaw (Bahagyang Sumusunod) | Pula (Kritikal na Hindi Sumusunod) |
|---------------------------------------|---|---|
| Kung ang Kabuuang Puntos ay 48 puntos | Kung ang Kabuuang Puntos ay hindi bababa sa 36 at hindi tataas sa 47 puntos | Kung ang Kabuuang Puntos ay 35 puntos pababa |

Inihanda ni/ng:

Pangalan _____

Institusyon _____

Pamagat _____

Email at Numero para sa Pagkontak _____